

Metformin Information: *Filipino*

Impormasyon tungkol sa metformin

Ang Gestational diabetes mellitus (GDM) ay isa sa pinakakaraniwang komplikasyong medikal sa pagdadalang-tao na umaapekto sa halos 5–8 porsiyento ng mga nagdadalang-taong kababaihan. Ang mga layunin ng pamamahala at paggamot ng GDM ay upang mabawasan ang mga panganib ng ilan sa mga karaniwang komplikasyon ng GDM na maaaring makaapekto sa isang ina at sa kanyang sanggol.

Mga panganib para sa ina:

- mas malaking panganib ng induction
- tataas na bilang ng mase-caesarean
- mas malaking panganib na magkaroon ng type 2 diyabetis sa malaunan.

Mga panganib para sa sanggol:

- maaaring mas lumaki at mas tumaba bago isilang
- mababang lebel ng blood glucose (asukal sa dugo) matapos isilang
- mga problema sa paghinga
- mahirapang magpanatili sa temperatura ng katawan
- mga problema sa pagsuso.

Kapag mababa ang lebel ng blood glucose ng iyong sanggol, maaaring kailanganing pangalagaan ang iyong sanggol sa special care nursery.

Ang mga layunin ng pamamahala ng GDM ay upang hadlangan ang alinman sa mga komplikasyong ito sa pamamagitan ng pagkakaroon ng malapit sa normal na lebel ng blood glucose para sa iyo (ina).

Kapag nagbabago ang mga kinakain at hindi husto ang mga gawaing pisikal upang maabot ang tinatarget para sa mabuting pagkontrol ng blood glucose, kailangang pag-isipan ang medikasyon para sa patuloy-tuloy na pamamahala. Halos sangkatlo ng lahat ng kababaihang may GDM ay kailangang gumamit ng mga tabletas o iniksiyon ng insulin bilang bahagi ng kanilang paggamot.

Pinili ng iyong doktor na simulan ang mga tabletas na metformin (Diabex) upang pabutihin ang lebel ng iyong blood glucose. May mga ginawang pagsusuri kamakailan sa Australya at New Zealand na tumasa sa paggamit ng mga tabletas na ito sa pagdadalang-tao. Ang pagsusuri ay nagpakita na ang metformin ay maepekto sa pagpapababa ng lebel ng blood glucose at ligtas para sa kapwa ina at sanggol.

Ang metformin ay ginamit na sa loob ng maraming taon para sa mga taong mayroong type 2 diyabetis na may magagandang resulta.

Ang karamihan ng mga tao ay walang problema sa pag-inom ng metformin ngunit maaaring may ilang di-kainamang epekto sa unang ilang araw tulad ng:

- pagkahilo
- pagsusuka
- pagtatae
- kawalan ng ganang kumain
- katamtamang pagkabalisa ng tiyan
- pagkasira ng panlasa.

Kung mangyayari sa unang ilang araw ang alinman sa mga sintomas na ito ng paggamot, ang mga ito ay kusang mawawala sa karamihan ng mga kaso. Upang tumulong sa paghadlang sa mga di-kainamang epektong ito, rekomendado na ang metformin ay inumin habang kumakain o matapos kumain— hindi sa walang lamang tiyan.

Ipagbigay-alam sa iyong doktor o diabetes educator (guro ng diyabetis) kung ikaw ay may anumang nagpapatuloy na di-kainamang epekto na hindi mabilis nawawala.

Patuloy na magmonitor ng lebel ng iyong blood glucose ayon sa hiling ng iyong health care team (pangkat ng pangkalusugang pangangalaga) at ipagbigay-alam sa kanila kung ang lebel ay hindi bumubuti sa gamot.

Ang mga target na label ay:

Bago mag-almusal

1 oras matapos kumain

2 oras matapos kumain

Ang iyong panimulang dosis ay:

Metformin 500 mgs _____ tableta(s) sa isang araw—inumin kasabay ng pagkain

Iba pang mga tagubilin:

.....

.....

.....

Karaniwan ang pakikipag-alam sa iyong doktor o diabetes educator makaraan ang 3–4 na araw ng medikasyon upang alamin kung kailangan ng karagdagang pagbabago.

Ang pinakamalaking dosis na maaari mong inumin ay 2,000 hanggang 2,500mg sa bawat araw. Kapag ito ay naabot at ang label ng iyong blood glucose ay wala pa rin sa tinarget na label, maaaring kailanganin ang pag-iniksiyon ng insulin. Ito ay tatalakayin sa iyo at isasaalang-alang kung gaano pa katagal bago isilang ang iyong sanggol at ang laki ng sanggol.

Kung may anumang tanong, mangyaring kontakin lamang ang iyong doktor, diabetes educator o komadrona.

Ang paraang ito ay dapat gamitin kasabay ng edukasyong ibibigay ng iyong health care team.

© State of Queensland (Queensland Health) 2013



<http://creativecommons.org/licenses/by-nd/3.0/au/deed.en/>

Para sa karagdagang impormasyon, kontakin ang Clinical Access and Redesign Unit, Department of Health, email CARU@health.qld.gov.au, telepono (07) 3646 9872. Para sa mga pahintulot na hindi sakop ng lisensiyang ito, kontakin ang: Intellectual Property Officer, email ip_officer@health.qld.gov.au, telepono (07) 3328 9862.



Queensland
Government

Metformin Information: Filipino
05/2014